

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS

Lungsod ng Brampton kinilala ng Forbes bilang isa sa Pinakamabuting mg Employer sa 2020

BRAMPTON, ON (Pebrero 7, 2020) – Noong Enero 2020, kinilala ng Forbes ang Lungsod ng Brampton bilang isa sa [Pinakamabuting mga Employer ng Canada 2020](#), isang talaan ng 300 na nangungunang employer sa Canada.

Sa 2019, ang Lungsod ng Brampton ay ika-66 sa Talaan ng Forbes. Sa 2020, umakyat ang Lungsod sa ika-48 sa 300. Isa ang Lungsod sa dalawa lamang na mga organisasyon ng Pamahalaan ng Canada sa nangungunang 50 sa talaan, kasama ang Lungsod ng Ottawa.

Nakipagtulungan ang Forbes sa kumpanya ng market research na Statista para matukoy ang mga kumpanyang pinaka-gusto ng mga empleyado sa taunang ranking ng pinaka-magaling na mga employer sa Canada.

Hindi pinangalanang pina-rate ang mga respondent, sa scale na zero hanggang 10, kung gaano ka malamang na irerekumenda nila ang kanilang employer sa iba. Pagkatapos, pina-nominate ng Statista ang mga respondent ng mga organisasyon maliban sa kanilang sariling organisasyon. Ang pinal na talaan, na na-compile sa pamamagitan ng pag-survey sa 8,000 Canada na nagtatrabaho para sa mga negosyong may pinaka-mababa 500 empleyado, ang nag-rank sa 300 employer na tumanggap ng pinaka-maraming rekomendasyon.

Pira-pirasong Impormasyon

- Noong Nobyembre 2019, lumikha ang Lungsod ng Brampton ng limang taon na Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Istratehiya na Nagsasali at Plano sa Trabaho. Itinatakda nito ang mga pagkakataon para itaguyod ang mas nagsasaling organisasyonal na kultura na pinapasali, pinapaunlad at kinikilala ang mga tao nito at humihikayat ng mga tauhan na iba-iba ang kultura.
- Ang Brampton ay isa sa pinakamabilis na lumalaki at ang ika-9 na pinakamalaking lungsod sa Canada.

Mga Quote

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang employer na pinipili para sa kasalukuyan at dating mga empleyado, at sa mga kumilala at interesado sa mahalagang trabaho na ginagawa ng Lungsod ng Brampton sa ating komunidad. Ipinagmamalaki natin na makilala ng Forbes bilang isa sa Nangungunang mga Employer sa Canada!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay isa sa Nangungunang Employer sa Canada at ang Brampton ay isa sa pinaka-diverse na komunidad. Sa nakalipas na taon, inilunsad natin ang bilang ng bagong mga

inisyatiba kabilang ang limang taon na Pagkakaiba-iba sa Lugar ng Trabaho at Istratehiya na Nagsasali at Plano sa Trabaho, na makakatulong sa ating organisasyon na mas mahusay na mailarawan ang Pagkakaiba-iba sa ating komunidad.”

- *Harkirat Singh, Chair, Corporate Services; Konsehal ng Lungsod, Wards 9 & 10, Lungsod ng Brampton*

“Itinatayo natin ang pagbabago sa Brampton, bilang isa sa pinakabago, pinakamabilis na lumalaki, at pinaka-diverse na mga lungsod sa bansa. Mataas ang hangarin natin at iniisip ang malaki, para iposisyon ang Brampton bilang isang lumilitaw na pandaigdigang lungsod sa hinaharap na lumalahok, nananabik at binigyang kapangyarihang ang mga empleyado na naghahatid ng araw-araw na mga resulta para sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca